# Balitang Manmin

BILANG 75  DISYEMBRE 2, 2012

# Binago ng Banal na Espiritu ang Pakistan at Sri Lanka

## Seminar Para Sa Mga Pastor At Mga Krusadang May Panyong Nakakapagpagaling – Idinaos Ni Pastor Taesik Gil



Ipinahayag ang Salita ng Buhay at ang Kapangyarihan ng Diyos sa Pakistan at Sri Lanka ■ 1: Idinaos ang krusada sa Full Gospel Assembly, may 10,000 taong dumalo ■ 2: Krusadang may Panyong Nagpapagaling sa Kirulnapona ■ 3: Pastor Taesik Gil, nananalangin para sa mga may sakit gamit ang panyong makapangyarihan ■ 4-5: Niluluwalhati ng mga nagpatotoo ang Diyos sa kanilang paggaling. ■ 6: Tumanggap ng pagkilala si Pastor Taesik Gil para sa naiambag niya sa ministeryo sa Pakistan (gitna)

Mula Oktubre 16-26, 2012, nagmisyon sa Pakistan at Sri Lanka si Pastor Taesik Gil (Daejon Manmin Church) kasama ang grupong pang-misyon ng Manmin. Nagliliyab ang apoy ng ebanghelyo dahil sa mga tanda at mga makapangyarihang pagkilos sa Pakistan na may 97% na Muslim ang populasyon at sa Sri Lanka naman ay 69% ang Buddhist.

Noong Oktubre 17, 2012, iginawad ang Doctoral Degree Award kay Pastor Taesik Gil sa Ambassador Hotel sa Lahore, Pakistan. Ito ay bilang pagkilala ng pambansang samahan ng mga pastor at mga pinuno ng mga iglesya sa naiambag niyang kahusayan sa pagtuturo (Pedagogy) at pagmiministeryo (Ministry) sa Pakistan. Labing-apat na beses na siyang bumibisita sa Pakistan sa loob ng sampung taon at nakapagdaos na ng mga seminar at mga krusadang may panyong nakakapagpagaling sa labindalawang lungsod. Tumanggap din si Dr. Jaerock Lee ng Good Samaritan Award mula sa Bright Future Society (isang pribadong organisasyon) bilang pasasalamat sa pagmamalasakit niya sa kaligtasan ng mga kaluluwa.

Sa idinaos na seminar, nangaral si Pastor Gil ng mensahe tungkol sa kalooban ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan na batay sa libro ni Dr. Jaerock Lee na *Awaken Israel*. Kinagabihan, sa kahilingan ni Pastor Anwar Fazal, Pangulo ng Isaac TV, nagdaos ng krusadang may panyong nakakapagpagaling sa Full Gospel Assembly. Ipinangaral at ipinaliwanag ni Pastor Gil ang apat na dahilan kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin at idinalangin niya ang mga may sakit gamit ang panyong makapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Oktubre 18, nagdaos ng seminar para sa mga pastor sa Water of Life Church na pinaglilingkuran ni Pastor Anwar Fazal. Nangaral si Pastor Gil ng tungkol sa "The Measure of Faith." Humanga ang mga dumalo sa espirituwal na mensahe at hiniling nila na mangaral pa sa kanila ng mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee.

Noong Oktubre 20, nagdaos ng krusadang may panyong nakakapagpagaling sa Kirulnapona, Colombo, Sri Lanka. Ipinangaral ni Pastor Gil ang tungkol sa "The Reasons God Cultivates Humans" (Mga Dahilan Kung Bakit Pinapangalagaan ng Diyos Ang Tao) at "The Reason God Placed the Tree of the Knowledge of Good and Evil" (Ang Dahilan Kung Bakit Inilagay ng Diyos ang Punungkahoy na Pagkilala ng Mabuti at Masama). Noong Oktubre 21, nangaral siya tungkol kay Jesu-Cristo sa krusadang may panyong nakakapagpagaling sa Wattala.

Sa dalawang araw na krusadang idinaos, niluwalhati ng maraming tao ang buhay na Diyos nang sila ay mapagaling sa iba't ibang karamdaman at mga sakit. Gumaling si Gayan Dayasinghe (6, lalaki) na umaasa sa inhaler dahil nahihirapan siyang huminga. Nakaramdam siya ng init sa dibdib at leeg niya habang nasa krusada. Sinabi ni S. Nihal Fernando (54, lalaki) na nawala ang masamang epekto ng aksidente sa katawan niya. Luminaw ang paningin ni Bridgette (60, babae). Gumaling ang sakit sa gulugod ni Maradayi (65, babae). Marami pang ibang patotoo ang narinig bukod sa mga ito.

Noong Oktubre 22, idinaos ang seminar para sa mga pastor sa Colombo. Nangaral si Pastor Gil tungkol sa "The Measure of Faith." Sinabi ng mga dumalong pastor, "Totoong batay sa Biblia ang pangangaral. Ito ay espirituwal at malalim." Noong Oktubre 23, nagdaos ng seminar sa Kandy sa paksang "The Message of the Cross." Sa seminar na ito nagtapos ang buong biyahe ng pagmimisyon nila. Inaabangan na ng mga pastor ang darating na mga seminar dahil natutuhan nila ang diwa ng ebanghelyo ng kabanalan.

## Mas Maraming Kaluluwa ang Maaabot ng Mga Mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa Isaac TV



Dahil sa Isaac TV ng Pakistan, mas maraming kaluluwa ang maaabot ng mga mensaheng puno ng buhay.

Anim na oras, bawat araw, ibinobrodkast ng Isaac TV sa buong Pakistan at sa Gitnang Silangan ang mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa wikang Ingles at Urdu. Ibinobrodkast din dito ang mga programa ng papuring awitin at pagtatanghal ng Manmin na mula sa Diyos sa loob ng dalawang oras bawat araw.

Sinabi ni Pastor Anwar Fazal, pangulo ng Isaac TV, "Pumirma ng kontrata kamakailan lang ang Isaac TV sa isang istasyon ng satellite na umaabot sa U.K., Europa, at Africa, para maipalabas doon ang mga programa nila sa mga darating na araw. Sa pamamagitan nito, maraming tao ang makakaalam ng katotohanan at maliligtas."

# Pag-ibig na Makalaman at Pag-ibig na Espirituwal

"Mga minamahal, mag-ibigan tayo sa isa't isa,
sapagkat ang pag-ibig ay sa Diyos at ang bawat umiibig ay ipinanganak ng Diyos at nakakakilala sa Diyos.
Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos; sapagkat ang Diyos ay pag-ibig." (1 Juan 4:7-8)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ang "Pag-ibig" ay salitang nagpapasaya at nagpapatibok ng puso natin. Wala nang mas masaya pa sa buhay kundi ang magbahagi ng pag-ibig na hindi nagbabago. Dahil sa kapangyarihan ng pag-ibig, narinig natin na may mga taong napagtagumpayan ang kamatayan, nabago ang kinalalagyan, at napabuti ang mga buhay. Ang pag-ibig ay isang napakamahalagang sangkap ng kaligayahan at may dakilang kapangyarihan para baguhin ang buhay natin.

### 1. Ano ang 'makalaman na pag-ibig'?

Iniibig ng mga hindi mananampalataya at masasama ang mga taong mabait sa kanila at napapakinabangan nila. Parang tunay na pag-ibig ito kung titingnan sa panlabas, pero sa huli, hindi pala ito totoo. Sapagkat ang pag-ibig na ito ay makalaman – nagbabago habang lumilipas ang panahon at nawawala kapag nagkakaroon ng kahit maliliit na problema.

Habang tumatagal, nagbabago ang makalamang pag-ibig ayon sa mga pangyayari at kalagayan. Nagbabago ito ayon sa pakinabang at benepisyo. Magbibigay ito kung may tatanggapin at kung makikinabang. Kung gusto ninyong tumanggap ng kapalit sa ibinigay ninyo at sumasama ang loob ninyo kapag hindi naibalik ang kabutihang ginawa ninyo, makalaman ang pag-ibig na ito.

Maraming magulang ang nagpapalaki sa mga anak nila nang may pagmamalasakit at pagsisikap pero marami rin ang gumagawa nito para sa sariling pakinabang o kapurihan. Sinasabi nila, "Ginagawa ko ito para maging maayos ang paglaki ng mga anak ko" pero marami sa kanila ay para sa pansariling saya o para magyabang lang at ginagamit ang mga anak nila. Hindi sila mapalagay o kinokontra nila ang mga anak kapag hindi sang-ayon sa gusto nila ang piniling trabaho o mapapangasawa ng anak nila. Pinapatunayan nito na ang pag-ibig nila ay may pasubali o may kondisyon, may presyo ang pagmamalasakit at sakripisyo nila.

Ano naman ang masasabi natin tungkol sa pag-ibig ng mga anak sa mga magulang nila? May kasabihang, "A protracted illness wears out filial devotion" ("Sinasaid o inuubos ng mahabang karamdaman ang pag-ibig ng mga anak sa mga magulang."), naiinis ang ibang anak sa mga magulang at binabalewala ang mga ito kapag tumatanda at nagkakasakit na. Madalang na nilang tawagan ang mga magulang, dahil abala raw sila sa trabaho. Ang buhay nila ay nakatuon sa mga anak nila at sa sarili nila. Wala silang pakialam sa mga magulang nila. Higit pa riyan, may mga masasamang anak na nagagalit sa mga magulang dahil hindi ibinigay ang hinihingi nilang pera. Mayroon ding pumatay na ng mga magulang nila.

Kumusta naman ang pag-ibig ng magkakaibigan? May mga taong malungkot dahil pinagtaksilan ng mga kaibigang pinagkakatiwalaan. May mga ibang nangungutang ng malaking halaga ng pera o hinihiling ang kaibigan para managot sa pangungutang nila. Kung hindi pumayag ang kaibigan, magiging matabang na ang pakikitungo nila. Pakiramdam ay pinagtaksilan na sila ng mga ito. Kung totoong mahal mo ang isang tao, hindi mo siya papahirapan. Gayon pa man, naghahanap ng sariling pakinabang ang makalaman na pag-ibig at lumalayo ito kung walang benepisyong makukuha.

### 2. Ano ang 'espirituwal na pag-ibig'?

Ayon sa diksyonaryo, ang pag-ibig ay ang pagpapahalaga sa isang tao o bagay para ibigay dito ang lahat-lahat. Subalit ang pag-ibig na sinasabi ng Diyos ay may mas mataas na antas kaysa sa binabanggit sa diksyonaryo. Ito ay espirituwal na pag-ibig. Hinahangad nito ang makakabuti sa ibang tao, nagbibigay ng ligaya, pag-asa, at buhay sa kanila, at hindi nagbabago magpakailanman.

Sa Biblia, espirituwal na pag-ibig sa isa't isa ang makikita kina David at Jonathan. Si Jonathan ay anak ni Saul, ang unang Hari ng Israel. Nang makita ni Jonathan na natalo ni David si Goliat, ang kampeon ng mga Filisteo, gamit ang bato at tirador, napagtanto niya na si David ay isang mandirigma na may Espiritu ng Diyos. Kumander din ng isang tropa si Jonathan, pero hinangaan niya ang katapangan ni David at naging maalab ang pagmamahal niya dito. Mula noon, minahal niya si David nang gaya ng pagmamahal niya sa sarili. Ibinuhos niya ang lahat para kay David.

Mababasa sa 1 Samuel 18:1-4, "Pagkatapos niyang makapagsalita kay Saul, ang kaluluwa ni Jonathan ay napatali sa kaluluwa ni David, at minahal siya ni Jonathan na gaya ng sariling kaluluwa... Nang magkagayo'y nakipagtipan si Jonathan kay David sapagkat kanyang minahal siya na gaya ng kanyang sariling kaluluwa. Hinubad ni Jonathan ang balabal na nakasuot sa kanya at ibinigay kay David, pati ang kanyang baluti, tabak, busog, at pamigkis."

Si Jonathan ang panganay na anak ni Haring Saul kaya siya ang tagapagmana ng trono. Pero hindi siya sakim at wala siyang makasariling motibo kaya hindi siya kumapit sa trono ng hari. Sinikap niyang iligtas si David kahit na manganib ang buhay niya nang tangkaing patayin ito ng kanyang ama para manatili sa trono. Hindi nagbago ang pagmamahal ni Jonathan kay David hanggang mamatay siya.

Nang mamatay si Jonathan sa labanan sa bundok ng Gilboa, nagluksa at nag-ayuno si David. Nang maging hari siya, hinanap ni David si Mefiboset, ang anak ni Jonathan. Ibinalik niya dito ang lahat ng lupain ng lolo niyang si Saul at inalagaan ito sa palasyo.

Tulad ng pagmamahalan ni David at Jonathan, ang mayroong espirituwal na pag-ibig ay pwede ring magkaroon ng pag-ibig na hindi nagbabago. Magagawa nilang ilagay sa panganib ang buhay nila para sa iba kahit walang kapalit, at maaaring mapinsala pa sila. Nagmamahal sila hindi para mahalin din o para makinabang. Ang espirituwal na pag-ibig ay nagsasakripisyo, walang kondisyon at ibinibigay ang lahat sa kapwa.

### 3. Ang hindi nagbabagong pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon para sa atin

Nakaranas na ba kayo ng paghihirap dahil sa makalaman na pag-ibig na kabaliktaran ng espirituwal na pag-ibig? Kapag nag-aalaala tayo o nalulungkot dahil sa pabagu-bagong pag-ibig, mayroong makakapagbigay-aliw sa mga puso natin bilang isang Kaibigan. Ito ay ang Panginoon.

Batid ng Panginoon ang nararamdaman natin nang mas higit kaysa sinuman dahil Siya din ay binalewala at kinapootan ng mga tao kahit wala Siya ni bahid ng kasalanan. Iniwan Niya ang kaluwalhatian sa langit, nagpunta sa lupa, at nagdusa. Dahil dito, Siya ay naging tunay na Taga-aliw natin na nagbigay ng totoong pag-ibig sa kamatayan Niya sa krus.

Nabuhay ako sa kahirapan at nagkaroon ng lahat ng klase ng karamdaman bago ko tinanggap ang Diyos. Dahil naratay ako sa banig ng karamdaman sa loob ng pitong taon, wala akong pag-aari kundi ang katawang sakitin at napakalaking utang. Isa-isang lumayo sa akin ang mga taong pinagkakatiwalan at minamahal ko. Tinalikuran ako, binalewala, at kinapootan. Nang nasa bingit na ako ng kamatayan at wala nang pag-asa, lumapit ang Diyos sa akin.

Nang makilala ko ang Diyos, gumaling ang lahat ng karamdaman ko at nagsimulang mamuhay ng panibagong buhay. Ang pag-ibig ng Diyos ay walang kasing halaga. Hindi ako ang unang nagmahal sa Kanya. Siya ang unang umibig sa akin, Siya ang lumapit at nag-abot ng Kanyang kamay.

Maliwanag na ipinapakita ng Isaias 49:15-16 ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. "Malilimutan ba ng babae ang kanyang batang pasusuhin, na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kanyang sinapupunan? Oo, ang mga ito'y makakalimot, ngunit hindi kita kalilimutan. Narito Aking inanyuan ka sa mga palad ng mga kamay Ko, ang iyong mga pader ay laging nasa harapan Ko."

Nang kasalukuyang dumadaan ako sa matinding sakit ng kalooban habang iniisip na tinalikuran na ako ng lahat, mahigpit na niyakap ako ng Diyos. Nang madama ko ang pag-ibig Niya, dumaloy ang luha ko at hindi huminto. Dahil sa mapait na karanasan ko, mas nadama ko ang tunay na pag-ibig Niya, at ngayon ay tapat akong naglilingkod bilang isang pastor para mabayaran ang pagpapala Niya. Inaaliw ko at niyayakap ang hindi mabilang na mga kaluluwa.

Ang Diyos ay ang pag-ibig mismo. Lahat tayo ay makasalanan, pero ibinigay pa rin Niya ang bugtong na Anak sa mundo para sa atin. Naghanda Siya ng mga lugar sa kalangitan at magagandang bagay para sa atin. Hinihintay Niya tayo, parang isang araw lang ang isanlibong taon. Kapag bubuksan natin ang mga puso natin kahit kaunti, madadama natin ang mainam at masaganang pag-ibig Niya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo,

Mayroong dalawang klase ng pag-ibig: pag-ibig na makalaman na naghahangad ng sariling pakinabang at nagbabago sa paglipas ng panahon at espirituwal na pag-ibig na naghahangad ng kapakinabangan ng ibang tao at nasisiyahan sa katotohanan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na dahil batid na natin na ang pag-ibig ng Diyos ay espirituwal at hindi makalaman, ibibigay ninyo ang pag-ibig ninyong hindi nagbabago sa Kanya magpakailanman.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Bakit Nilalang ng Diyos ang Tao Mula sa Alabok sa Lupa?

*"Ang paghubog ng tao mula sa alabok sa lupa" ay may malapit na kaugnayan sa kalooban ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan at paghubog sa mga puso nila. Nagbubunga ng mananampalataya na parang trigo hanggang sa makarating sila sa Langit.*

*Ano ba ang pangangalaga ng sangkatauhan? Katulad ito ng pagpapatubo ng isang magsasaka sa trigo: inihahasik muna niya ang binhi, at masigasig na inaalagaan. Pagdating ng panahon ng pag-aani, titipunin niya ang trigo sa kamalig niya, at susunugin ang ipa. Sa parehong batas ng kalikasan, pinapangalagaan ng Diyos ang mga tao na parang Siya ay isang magsasaka na gustong magkabunga at mag-ani ng trigo.*

Nilalang ng Diyos ang tao mula sa alabok sa lupa at binasbasan sila para 'magkaroon ng maraming anak at magpakarami'. Pero nagkasala ang unang taong si Adan at ang lahat ng mga inapo niya ay naging makasalanan din. Para mailigtas sila, inihanda ng Diyos ang daan patungo sa kaligtasan. Ibig sabihin, nang dumating ang takdang oras, ipinadala ng Diyos ang bugtong na Anak Niya, si Jesus, at ang Banal na Espiritu sa puso ng mga pinatawad sa mga kasalanan dahil nagtiwala sila kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas nila.

Tulad ng pag-aalaga nang buong-lakas ng mga magsasaka sa butil na itinanim nila, ipinakita din ng Diyos ang walang-hanggang pag-ibig Niya sa lahat ng kaluluwa. Gayon pa man, may mga naghahanap sa Diyos at nagtitiwala sa Kanya, habang may mga lumalayo sa Diyos at nananatili sa kasalanan. Kung alin ang pipiliin ay depende sa malayang kalooban ng bawat isa.

*Ang mga nakarinig ng ebanghelyo, tumanggap kay Jesu-Cristo at sa Banal na Espiritu ay maaaring maging 'espirituwal na trigo'. Mamumunga sila sa tulong ng Espiritu kapag nakikinig at isinasabuhay nila ang Salita ng Diyos, at makakapasok sila sa Langit. Sa kabilang banda, kahit tinanggap nila ang Espiritu, ang mga hindi naghahanap at nagtitiwala sa Diyos at hindi isinasabuhay ang Salita Niya ay mga 'ipa.' Itatapon sila sa hindi mapapatay na apoy ng Impiyerno.*

Ayon sa paglago ng buhay espirituwal nila, makakapasok sila sa iba't ibang tahanan sa Langit. May isang napakahalagang paraan para makatulong sa paglago ng espiritu natin. Kung ang isang butil ay dapat itanim sa matabang lupa para mamunga ng masagana, dapat ding maging mabuti ang mga puso at kalooban natin.

### Ang mga katangian ng puso ng tao ay kapareho ng mga katangian ng lupa

Pagkatapos magkasala ni Adan, pinalayas siya ng Diyos mula sa Halamanan ng Eden, para bungkalin ang lupaing pinagkunan sa kanya (Genesis 3:23). Ang espirituwal na kahulugan nito ay: dapat linisin ng tao ang puso niya. Para maging malinis ang puso, kailangang iwaksi ang lahat ng kasinungalingan at tanggalin ang masasamang katangian nito. Ang espiritu ng tao ay lalago at mamumunga nang masagana kung lilinisin niya ang puso at kalooban niya.

Nilikha ng Diyos ang langit at lupa at ang lahat ng bagay na narito sa loob ng anim na araw. Hinubog Niya ang lahat ng magandang kapaligiran kung saan mabubuhay ang tao ayon sa kalooban ng paglikha. At nilalang Niya ang tao sa wangis Niya at binasbasan ito para pangalagaan at pamahalaan ang lahat ng bagay. (Genesis 1:27-28)

Sinasabi ng Genesis 2:7 sa atin ang proseso ng paglikha ng Diyos sa unang nilalang na si Adan. Sinasabi nito, "At nilalang ng PANGINOONG Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buhay na kaluluwa." Ayon dito, hinubog ng Diyos ang tao mula sa alabok sa lupa. May dalawang kahulugan ito.



*Ang katangian ng lupa ay pwede ring magbago, depende sa kung anong inilalagay dito. Kahit hindi maganda ang lupa, kung ito ay dadagdagan ng magsasaka ng mabuting lupa, lalagyan ng pataba, at masigasig na bubungkalin, magiging mabuting lupa ito. Ganoon din sa puso ng tao, magbabago ito depende sa kung anong inilalaman dito. Kung magpapatuloy kayo sa pagdadagdag ng kabutihan, magiging mabuti ito, pero kung kasamaan ang ilalagay ninyo, magiging masama ito.*

Ayon sa pangangalaga ninyo, maaaring maging mabuti o masama ang puso ninyo. Kahit ipinanganak kayong may mabuting puso, kung puro kasamaan ang ilalaman ninyo dito, magiging masama ito. Sa kabilang banda, kahit ipinanganak kayo na may masamang puso, kung magpapatuloy kayo sa pakikinig, panonood, at paglalagay ng mabubuting bagay dito, magiging mabuting puso ito.

*Sa nakikita ninyo, ang orihinal na mga katangian ng puso ng tao ay katulad ng lupa. Dahil nilalang ng Diyos ang tao mula sa alabok sa lupa. Batid ng Diyos na ang pangangalaga ng sangkatauhan ay magaganap sa katuwiran ng pangangalaga nang lalangin Niya ang tao mula sa alabok sa lupa.*

Kung nilalang ng Diyos ang tao mula sa ginto, hindi magbabago ang puso nito mula sa orihinal na pusong nilikha Niya. Magkakaroon ng pusong parang ginto ang tao, pero hindi niya masasabing minahal niya ang Diyos dahil gusto niyang gawin ito. Hindi ito umaayon sa batas ng katuwiran. Magbibigay ito ng dahilan sa kaaway na diyablo at kay Satanas para magreklamo laban sa katuwiran. Higit pa riyan, hindi ito ang gustong mangyari ng Diyos.

Gusto ng Diyos na ang mga anak Niya mismo ang makakita ng pag-ibig Niya at mahalin at pagtiwalaan Siya nang walang pagbabago. Ito ang tunay na pag-ibig at ito ang katotohanan. Ito ang tunay na layunin sa pangangalaga ng sangkatauhan.

*Gusto ng Diyos na supilin at pamahalaan ng tao ang lahat ng bagay sa lupa at ang puwersa ng kadiliman, pati ang mga puso nila*

"Ang paghubog ng tao mula sa alabok ng lupa" ay may kaugnayan din sa kapangyarihang supilin at pamahalaan ang lahat ng bagay. Sinabi ng Diyos kay Adan, na nilalang mula sa alabok sa lupa, 'supilin ninyo ang lupa' na nakatala sa Genesis 1:28. Tumutukoy ito sa lahat ng bagay mula sa lupa. At ang espirituwal na kahulugan nito ay dapat supilin din ni Adan ang puso niya.

Kung minsan, tinutukoy ng 'lupa' ang mundo na pinamamahalaan ng kadiliman. Ang 'supilin ang lupa' ay nangangahulugan din na dapat pagtagumpayan ni Adan ang lahat ng makalamang bagay na nasa mundo pati na ang kaaway na diyablo at si Satanas. Inasahan ng Diyos na si Adan, na nilalang mula sa alabok sa lupa, ang susupil at mamamahala sa puwersa ng kadiliman at sa lahat ng bagay dito sa mundo. Nakikita ninyo ngayon na mayroong malalalim na kahulugan ang paglikha ng Diyos ng tao mula sa alabok sa lupa.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714

# "Hindi Ko Malilimutan ang Kapangyarihan, ang Salita at ang Papuri! Gusto Kong Ikalat Ito sa mga Kaluluwa sa Bulgaria"

Ako ay isang doktor, kasama ako ng isang grupong nagsasanay sa "HEMA 18" – Medical Center sa Sofia, Bulgaria. Tinanggap ko at ng pamilya ko si Jesu-Cristo bilang personal na Tagapagligtas sa pamamagitan ng tatay ko. Nagtapos siya sa Spiritual Priest School sa Bulgaria, at hindi nagtagal, habang nagpapakadalubhasa sa Germany, siya ay naging Cristiano. Ganito nagsimula ang buhay namin sa pananampalataya. Bago mag-1989, inusig at minanmanan kami ng gobiyerno. Sa kabila nito, nagpamigay kami ng mga Biblia at marami pang ibang librong pang-Cristiano. Nilagyan din namin ng boses (dubbed) ang ilang pelikulang pang-Cristiano para maintindihan at mapanood ng mga Cristiano.



Dr. Kiril Dechkov Svilenov at ang asawa niyang si Irina Svilenova

Mga Katungkulan at Pagkilala

- Tagapangulo ng Bulgarian Christian Medical Association
- General Practitioner sa medical diagnostic center sa Sofia
- Tagapayo tungkol sa medisina at tagahatid ng Health TV Journal sa isang istasyon ng TV(Bulgarian National Televisions "EUROPE")
- Ginawaran ng parangal bilang "General Practitioner ng Taon" – Bulgaria 2007
- Nagturo sa kumperensya ng WCDN sa Bulgaria, Abril 2012

### Debosyon sa Panginoon bilang Cristiano

Ang nanay ko ay doktor at ang tatay ko ay propesor ng parasitology (pag-aaral ng mga parasites o mga organismong nabubuhay sa pamamagitan ng ibang organismo). Kaya nag-isip ako kung anong magiging kinabukasan ko kapag nakatapos ako ng high school. Mag-aaral ba ako ng medisina o computer science? Ipinanalangin ko ang bagay na ito at sumagot ang Diyos na dapat akong maging doktor ng medisina tulad ng mga magulang ko.

Bago ako kumuha ng pagsusulit para sa medical school, biniyayaan ako ng Diyos na makaranas ng isang espesyal na bagay. Sa panaginip, tinulungan Niya akong malaman ang mga tanong sa pagsusulit! Salamat sa tulong ng Diyos, nakapasok ako sa Sofia Medical University. Nakakuha ako ng matataas na marka, at pagkatapos lang ng anim na taon, nagtapos ako bilang pinakabatang doktor sa buong kasaysayan ng unibersidad. Nangyari ito noong Nobiyembre 1996.

Masaya akong namumuhay ngayon at pinag-iisipang mabuti kung paano ko ilalaan ang sarili ko sa paglilingkod bilang doktor na Cristiano. Bilang pangulo ng Bulgarian Christian Medical Association, nagdadaos ako ng mga seminar tungkol sa abortion, stem cells, cloning, euthanasia at ang mga paksa tungkol sa paglikha at ebolusyon. Kasama ng asawa ko, nangunguna kami sa isang grupo sa pag-aaral ng Biblia at mga pagpapayo tungkol sa mga bagay na pampamilya. Sumusuporta ako sa pamamahagi ng Biblia sa mga ospital, mga institusyon ng gobiyerno tulad ng istasyon ng pulis at bumbero, eskwelahan, at mga sangay ng lokal na gobiyerno.

Ang pinakamahalagang proyekto namin ay may kinalaman sa Biblia. Nakapamahagi kami ng 3 milyong Biblia at mga librong pambata na pang-Cristiano. Sa kasalukuyan, ang Bulgaria ang nag-iisang bansa na pinapayagang magturo ng Cristianismo sa mga bansang kasama sa EU.

### Nalaman ko na ang tungkol sa ministeryo ng WCDN

Noong bata pa ako, nagkasakit ako ng malalang hepatitis B. Noong panahong iyon, napagaling ako dahil sa panalangin ng mga magulang ko at ng mga miyembro ng iglesya. Maraming tao sa kasalukuyan ang nagsasabing walang mga himala. Sa kasamaang palad, maraming doktor na malalim ang kaalaman tungkol sa misteryo ng katawan ng tao, ang hindi naniniwala sa Diyos.

Noong Hunyo 11, 2011, nabalitaan ko ang tungkol sa ministeryo ng WCDN (World Christian Doctors Network) mula kay Dr. Lyubka Tancheva. Dumalo siya sa ika-8 pandaigdigang kumperensya ng mga Cristianong doktor na idinaos sa Australia. "Spirituality and Medicine" ang paksang tinalakay nila doon. Ang WCDN ay isang ministeryo na binubuo ng mga doktor at mga propesyonal na may kaugnayan sa medisina. Pinapatunayan nila na buhay ang Diyos at kinikilalang totoo ang mga himala at banal na pagpapagaling ng Diyos. Nagbibigay sila ng mga impormasyon na nagsisilbing katibayan nito. Natitiyak ko na ang ministeryong ito ay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Noong Mayo 15-16, 2012, dumalo ako sa ika-9 na pandaigdigang kumperensya na idinaos sa Kenya. Tuwang-tuwa ako at naantig ang damdamin ko. Malaking pagpapala ito para sa akin.

### Pinapakinggan ko na ang mga espirituwal na mensahe ni Dr. Jaerock Lee

Pagkatapos noon, nakilala ko rin ang mga tapat na kapatid na dumadalo a Manmin Central Church kung saan nagpapastor si Dr. Jaerock Lee, ang tagapagtatag ng WCDN. Nadama ko ang dalisay at tapat na puso nila na dapat na taglay natin bilang mga Cristiano. Nagpakita sila ng pangitain ni Dr. Jaerock Lee at ng Manmin Central Church kung saan maraming kaluluwa ang naligtas.

At kahit abala ako sa trabaho, nakikinig ako ng mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee tulad ng "The Lecture on Genesis" at "The Measure of Faith." Nalaman ko ang tungkol sa mundong espirituwal at ang mensaheng ang simpleng "paniniwala" ay wala pa sa kalahati ng pagiging ligtas! Dapat din nating tularan ang buhay ng Panginoon. Madaling maunawaan ang mensahe ni Dr. Lee, pero napakalalim at espirituwal nito.

Ang librong *Ang Mensahe ng Krus* ang nagpaunawa sa amin ng kalooban ng Diyos tungkol sa pangangalaga ng sangkatauhan at ang dahilan kung bakit dumating si Jesu-Cristo dito sa lupa. Masasabi ko rin na mahalaga ang librong ito para sa paglago ng espirituwal na pananampalataya natin. Nakapanood na rin ako ng maraming programa ng GCN TV (www.cgntv.org) sa pamamagitan ng istasyong TBN Russia. Humahanga ako sa puspos ng Espiritung mga papuri at mga pagtatanghal ng komite ng sining ng Manmin Central Church.

### Nagkaroon ako ng pangitain para sa kaharian ng Diyos

Gusto kong bumisita sa Manmin Central Church at pinagpala ako ng Diyos dahil nakapunta ako sa Korea para sa ika-30 anibersaryo nila noong Oktubre 2012. Habang nandoon ako, nakita ko ang maalab na pananalangin ng mga miyembro tuwing gabi at maayos ang pagkakatatag ng lahat ng mga organisasyon at mga departamento ng iglesya.

Nang magkaharap kami ni Dr. Jaerock Lee, nadama ko na napakamapagkumbaba at dalisay niya. At ramdam ko din ang dakilang espirituwal na lakas at kapangyarihan niya. Nakita kong mapanalanginin siya.

Damang-dama ko ang mga pagtatanghal na nagpapakitang kasama nila ang Diyos sa pag-awit nila ng mga papuri at pagsamba. Napakaganda ng sayaw at pagsamba ng mga grupo! Kahit ang asawa ko, na nagtuturo sa eskwelahan ng sining, ay nagsabing pang-propesyonal ang pagtatanghal. Sa palagay ko, magiging dakila ang paglago ng iglesyang ito dahil ang lider nila ay tumutulad kay Jesu-Cristo at dahil sa malaking pagmamahal ng mga miyembro.

Idinadalangin kong sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, ang Bulgaria ay magiging sentro ng WCDN sa Balkan Peninsula. Gusto kong ipahayag ang kapangyarihan ng Diyos sa maraming iglesya sa Bulgaria at ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo pati na ang mga papuring awitin ng Manmin. Niluluwalhati ko ang Diyos na gumagamit at gumagabay sa akin para sa kaluwalhatian Niya.



Mga tauhan ng WCDN sa Korea, Dr. Kiril Dechkov Svilenov at ang asawa niya, Pastor Ivan Hazarbassanov at ang asawa niyang si Gabriela Hazarbassonova



Pagbisita niya sa Muan Sweet Water Site kung saan naipahayag ang kapangyarihan ng Diyos (Muan, Jeonnam Province, Korea)